# *Paano Pagandahin ang Iyong Sarili Yugto 2*
# *Pagtuturo Laban sa Pampaganda, Pagpipinta at Pabango*

Upang harapin ang mga hamon ng buhay, kailangan natin ang Dios sa ating tabi. Ang Salita ng Dios ay nagsasabi sa atin ng sumusunod: ***"5 Sila'y nagsitingin sa kaniya, at nangaliwanagan: at ang kanilang mukha ay hindi malilito kailan man." (Awit 34:5 KJV)*** Nais ng Dios na bumalik tayo sa Kanya, upang bumalik kay Jesus at sa Kanyang Salita na magbibigay ng liwanag, pag asa at buhay. Sa kasalukuyan, maraming Cristiano ang nagsusuot ng maskara upang itago ang kanilang espiritwal na kakulangan. Nagsusuot sila ng maskara ng pagyayabang, maskara ng pampaganda, pagpapakita at makamundong pamumuhay upang harapin ang mga hamon ng buhay. Dapat sana ay naisip nilang magsisi at bumalik sa Dios.

Sa ***Kawikaan 7:10-20 KJV*** ay tumatalakay sa isang asawang babae na nangangalunya na namumuhay ng dobleng buhay: ***"10 At, narito, doo'y nasalubong niya ang isang babae na nakagayak ng tila isang patutot, at tuso sa puso. 11 Siya'y madaldal at matigas ang ulo; ang kaniyang mga paa ay hindi nagsisitahan sa kaniyang bahay: 12 Ngayo'y nasa mga lansangan siya, mamaya'y nasa mga luwal na dako siya, at nagaabang sa bawa't sulok, 13 Sa gayo'y hinahawakan niya siya at hinahagkan siya, at may mukhang walang hiya na nagsasabi siya sa kaniya: 14 Mga hain na mga handog tungkol sa kapayapaan ay sa akin; sa araw na ito ay tinupad ko ang aking mga panata. 15 Kaya't lumabas ako upang salubungin ka, hinanap kong masikap ang iyong mukha, at nasumpungan kita. 16 Aking inilatag ang aking higaan na may mga coltsong may burda, na yari sa guhitguhit na kayong lana sa Egipto. 17 At aking pinabanguhan ang aking higaan ng mira, mga oleo, at sinamom. 18 Parito ka, tayo'y magpakasiya sa pagsisintahan hanggang sa kinaumagahan; magpakasaya tayo sa mga pagsisintahan. 19 Sapagka't ang lalake ay wala sa bahay, siya'y naglakbay sa malayo: 20 Siya'y nagdala ng supot ng salapi; siya'y uuwi sa bahay sa kabilugan ng buwan." (Kawikaan 7:10-20 KJV)*** Kinaumagaha, ang babaeng iyon ay nasa templo (ang simbahan ngayon) na iniaalay ang kanyang mga pangako ng kapayapaan. Nang maglaon, nakahikayat siya ng isang lalaki sa pamamagitan ng (pamamagitan ng bihis na parang babae sa kabanata 10, palaging nasa labas tulad ng sa mga talata 11 at 12, na may pisikal na koneksyon gaya ng sa mga talata 13 at 18, at may pabango gaya ng sa talata 17). Marami ngayon ang gumagawa rin ng ganito, pumupunta sa simbahan, nagbabayad ng kanilang ikapu at mga alay, at pagkatapos ng pagsamba sa simbahan ay makikipagkita sa lalaki para sa pakikipag-date. Ang dobleng buhay ay hindi katanggap-tanggap sa harap ng Dios.

Maaaring gumamit ng deodorant o iba pang losyon upang labanan ang masamang amoy na dulot ng pagpapawis, ngunit dapat itong banayad at hindi dapat makakuha ng pansin ng mga tao sa maling dahilan.

***"6 Na nagsisiinom ng alak sa mga mangkok, at nagsisipagpahid ng mga mainam na pabango; nguni't hindi nangahahapis sa pagdadalamhati ni Jose." (Amos 6:6 KJV)*** Ang masasamang babae ng mga Israelita sa panahon ni propeta Amos, ***pinahiran nila ang kanilang sarili ng mainam (mamahalin) na pabango,*** upang paluguran ang mga tao sa kanilang amoy, at ginagawa nilang mahalin ng higit ang kanilang katawan. Ang kanilang ginawa ay nakaabot sa propetang si Amos at sinulat niya ang tungkol dito sa Salita ng Dios. Hindi sila gumagamit ng ordinaryong pamahid upang maglingkod sa layunin ngunit gumamit ng mga mamahaling. Anoman para sa katawan ay dapat gamitin ng katamtaman. Ang amoy ay hindi dapat lumagpas sa katawan upang ang lalaki o babae ay hindi maakit, at hindi dapat maging mahal na makakapinsala sa ating badyet dahil alam natin na ang ilang uri nito ay mahal.

***"6 Na nagsisiinom ng alak sa mga mangkok, at nagsisipagpahid ng mga mainam na pabango; nguni't hindi nangahahapis sa pagdadalamhati ni Jose." (Amos 6:6 KJV)*** Si propeta Amos ay inihahahtid ang kanyang mensahe sa mga Israelita hindi lamang upang punahin sila para sa mamahaling bagay na kanilang ginagamit, ganon din ilapit ang kanilang atensyon sa ibang mga kasalanan na kinakailangan nila upang magsisi tungkol:

***1. Na nagsisiinom ng alak sa mga mangkok:*** Sila'y nagpapakasawa sa pag-inom ng alak para sa kasiyahan. Labis silang nag-aalala tungkol sa pagpapakain ng kanilang laman at ubusin ang lahat ng gusto nilang lunukin.
***2. At nagsisipagpahid ng mga mainam na pabango:*** Bahagi ng kanilang pagmamataas, pagmamalaki at kamunduhan ay upang pahiran ang kanilang sarili ng mamahaling mga pabango. Pinaluluguran nila ang kanilang sariling laman sa paggamit nito.
***3. Ngunit hindi nagdalamhati sa pagkahapis ni Jose.*** Ngunit ang ilang mga tao ay hindi nag alala tungkol sa sangbahayan ni Jose, ang mga naliligaw na mga Israelita, na nabubuhay sa kasalanan, sa masakit na pagkaalipin, sa pagsamba sa mga diosdiosan, sa maling pqgsasagawa ng mga bansang pagano na nakapaligid sa kanila.

Ang katulad ay maaaring pagnilayan ngayon kapag ang mga Cristiano at ang simbahan ay naglaan ng higit sa pagkain, mga inumin, pagdiriwang at sa make up, mga estilo ng buhok, at maraming bagay upang palayawin ang laman ng walang pananalangin at pag-aayuno, ng walang ng kababaang loob at walang pagpapahalaga para sa iba na nawala at pagdurusa sa kasalan.

Pinahiran ni Maria ang paa ni Jesus, sa paggamit ng pabango, ***"3 Si Maria nga'y kumuha ng isang libra ng unguentong taganas na nardo, na totoong mahalaga, at pinahiran ang mga paa ni Jesus, at kinuskos ang kaniyang mga paa ng kaniyang mga buhok: at ang bahay ay napuno ng amoy ng unguento." (Juan 12:3 KJV)*** Isinuko ni Maria ang mamahalin niyang pabango.

Kung gusto mong makitang maganda at iyong mukha ay magningning sa kaluwalhatian ng Dios, pumunta ka sa Bibliya at linangin ang bagong mga bagay ng higit kaysa sa nabanggit dito sa mensaheng ito. Ang Bibliya ay naglalaman pa ng makaDios na pamamaraan upang gawin iyon. Pag-aalis ng make up na ito at pabango ay pangkaraniwan sa iyong pangaraw araw na buhay ay tunay na makakatulong sayo at lumapit sa Dios upang gawin ang Kanyang ministerio, at tutulong sayo upang ipokus sa pagbabahagi ng Mabuting Balita. Panahon na upang isuko mo ang mamahaling make up at ang pagpipinta ng iyong mukha.

Lipstick, pagpipinta sa mata, sa mga daliri at ang sa mukha ay maaring makaakit ng tao ngunit hindi ng Banal na Espiritu. Nang nilikha ka ng Dios ang Kanyang ginawa ay kamangha mangha; kakilakilabot at kagilagilalas. Nilikha ka Niya habang inaangkin mo ang Kanyang pangako sa ***Awit 139:14 "Ako'y magpapasalamat sa iyo; sapagka't nilalang ako na kakilakilabot at kagilagilalas: kagilagilalas ang iyong mga gawa; at nalalamang mabuti ng aking kaluluwa."*** Panahon na para sayo upang hindi lamang isuko ang kamunduhan ng make up bagkus gawin ang lahat ng mayroon ka at tinanggap mo mula sa Dios sa Kaharian ng Dios at abutin ang bagong kaluluwa kasama ng Mabuting Balita ni JesuCristo ang ating Panginoon. Ang ibinigay ni Maria kay Jesus ay katumbas ng isang taong bayad, ***"5 Bakit hindi ipinagbili ang unguentong ito ng tatlong daang denario, at ibigay sa mga dukha?" (Juan 12:5 KJV)*** Sa panahon ni Jesus, ang bayad ng isang manggagawa para sa isang araw ay isang denario. ***"2 At nang makipagkasundo na siya sa mga manggagawa sa isang denario sa bawa't araw, ay isinugo niya sila sa kaniyang ubasan." (Mateo 20:2 KJV)*** Kaya't ang halaga ng kanyang pabango na ibinuhos sa paa ni Jesus, ay nagkakahalaga ng 300 na denario, ay katumbas sa isang taon na sahod. Isipin kung paanong ang mga tao ay nagsasayang ng mamahaling pabango at make up sa kanilang katawan at naglalaan ng malaking halaga ng pera sa halip na gamitin ang kanilang yaman para sa mahalagang bagay pa at para sa pagpapahaba ng kaharian ng Dios!

Nais ng Dios na tayo'y magpatuloy at ipahayag ang Evangelio sa mga naliligaw at iligtas sila mula sa kasalanan at kamatayan. Ang Salita ng Dios ay sinasabi sa atin, ***"7 Anong pagkaganda sa mga bundok ng mga paa niyaong nagdadala ng mga mabuting balita, na naghahayag ng kapayapaan, na nangagdadala ng mga mabuting balita sa ikabubuti, na nagtatanyag ng kaligtasan, na nagsasabi sa Sion, Ang iyong Dios ay naghahari!" (Isaiah 52:7 KJV) "15 At paano silang magsisipangaral, kung hindi sila nga sinugo? gaya nga ng nasusulat, Anong pagkaganda ng mga paa niyaong mga nagdadala ng masasayang balita ng mga bagay na mabuti!" (Roma 10:15 KJV)*** Sinasabi ng Salita, ***"Anong pagkaganda ng mga paa niyaong mga nagdadala ng masasayang balita ng mga bagay na mabuti!"*** Hindi sinabi sa atin kung gaano kaganda ang napintahang mata at mukha upang tingnan. Pinag-uusapan dito ang tungkol sa kagandahan ni Jesus na nagniningning mula sa mga taong nagpapahayag ng mabuting balita at inalis ang kadiliman ng kasalanan sa buhay ng mga tao. Ngunit, kung sila'y labis na nag-aalala na kumain, uminom, at isuot ang pinakamaganada, sa gayon, ano ang kanilang ipapahayag at ano ang kanilang ituturo? Kung sila'y labis na makamundo hindi nila maipapahayag ang pagsisisi at hindi makakatulong sa mga tao upang umalis sa kanilang mga kasalanan.

Tayo ay magpatuloy sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan at alamin kung paano natin mapapaganda ang ating sarili at makamtan ang tulong ng Dios.

Ang mukha ni Moses ay nagliliwanag ng walang kahit anong make up sapagka't siya ay laging nasa presensya ng Dios. ***"27 At sinabi ng PANGINOON n kay Moises, Isulat mo ang mga salitang ito: sapagka't ayon sa tunog ng mga salitang ito, ay nakipagtipan ako sa iyo at sa Israel. 28 At siya'y natira doong kasama ng PANGINOON, na apat na pung araw at apat na pung gabi; hindi man lamang siya kumain ng tinapay, o uminom man ng tubig. At isinulat ng PANGINOON sa mga tapyas ang mga salita ng tipan, ang sangpung utos. 29 At nangyari, nang bumaba si Moises sa bundok ng Sinai, na dala ang tapyas na bato ng patotoo sa kamay niya, noong bumaba sa bundok ay hindi nalalaman ni Moises na ang balat ng kaniyang mukha ay nagliliwanag dahil sa pakikipagusap niya sa Dios. 30 At nang makita ni Aaron at ng lahat ng mga anak ni Israel si Moises, narito, ang balat ng kaniyang mukha ay nagliliwanag; at sila'y natakot na lumapit sa kaniya. 31 At tinawag sila ni Moises; at si Aaron at ang lahat ng puno sa Israel ay nagbalik sa kaniya: at si Moises ay nagsalita sa kanila. 32 At pagkatapos, ang lahat ng mga anak ni Israel ay lumapit; at kaniyang ibinigay sa kanila sa pamamagitan ng utos ang lahat ng salita ng PANGINOON na sinalita sa kaniya sa bundok ng Sinai. 33 At pagkapagsalita sa kanila ni Moises ay naglagay siya ng isang lambong sa kaniyang mukha. 34 Datapuwa't pagka si Moises ay pumapasok sa harap ng PANGINOON n upang makipagsalitaan sa kaniya, ay nagaalis siya ng lambong hanggang siya'y makalabas; at siya'y lumabas at kaniyang sinalita sa mga anak ni Israel ang iniutos sa kaniya; 35 At nakita ng mga anak ni Israel ang mukha ni Moises, na ang balat ng mukha ni Moises ay nagliliwanag: at inilagay uli ni Moises ang lambong sa ibabaw ng kaniyang mukha, hanggang sa siya'y makapasok na nakipagsalitaan sa Dios." (Exodu 34:27-35 KJV)*** Ang isang babae na naglalaan ng higit pa ng isang oras upang pintahan ang kanyang mukha sa halip ay dapat gugulin ang oras na ito upang magbasa ng Bibliya, at lumuhod at magdasal sa Kanyang presensya. Ang mensahe ay hindi lamang nakadirekta sa mga babae kundi sa mga lalaki din. Paglalaan ng oras kada umaga sa Facebook, pakikinig sa mga balita, sa halip sa pagsisimula ng araw sa pagbabasa ng Salita ng Dios at pananalangin sa paa ng Panginoon ay magiging lumpo ang espirituwal sa maling gawaing ito. Ang ating paguugali sa umaga ay tinitiyak ang kalalabasan ng araw. Kung susundin mo ang huwaran ni Moses, sa gayon ikaw ang magiging tagapamahala ng araw. Ngunit kung pamamahalaan mo ang iyong buhay salungat sa ating nabasa mula sa huwaran ni Moses, kung gayon ay aalipin ka ng araw na iyon at ikaw ay magiging utusan at hindi mo malalaman kung saan ka tumatanggap ng mga utos. Nang ating nabasa ang nasa itaas sa Banal na Kasulatan malalaman natin ang ginawa ni Moises:

***1. Siya ay nakikinig sa Dios: "At sinabi ng PANGINOON kay Moises, Isulat mo ang mga salitang ito: sapagka't ayon sa tunog ng mga salitang ito, ay nakipagtipan ako sa iyo at sa Israel." (Exodo 34:27 KJV)*** Si Moises ay sumunod sa kung anong sinabi ng Dios sa kanya upang gawin. Kailangan nating makinig sa bawat umaga sa tinig ng Dios. Ang ibang mga tao ay interesado na makinig sa pagpupuri at pagsamba na mga awitin, nguit hind dapat palitan ng pakikinig sa tinig ng Dios.

***2. Siya ay nanalangin at nag-aayuno: "At siya'y natira doong kasama ng PANGINOON, na apat na pung araw at apat na pung gabi; hindi man lamang siya kumain ng tinapay, o uminom man ng tubig." (Exodo 34:28 KJV)*** Ang pananalangin at pag-aayuno ay magagawa mong marinig ng mabuti ang tinig ng Dios at iyon ay makakatulong sayo upang maging malusog at mas bago sa espirituwal na kalakasan. Ang ating mga mukha ay magningning sa daloy ng Banal na Espiritu at ito'y makikita sa pamamagitan ng ating buhay, sa iba.

***3. Ang Dios ay sumulat dito ng Salita ng tipan: "At isinulat ng PANGINOON sa mga tapyas ang mga salita ng tipan, ang sangpung utos." (Exodo 34:28 KJV)*** Para sa ating pagsusulat at pagkopya ng Banal na Kasulatan ay isang utos, ***"18 At mangyayari, na pagka siya'y luluklok sa luklukan ng kaniyang kaharian, ay kaniyang susulatin ang isang salin ng kautusang ito sa isang aklat, na nasa harap ng mga saserdote na mga Levita: 19 At mamamalagi sa kaniya, at kaniyang babasahin sa lahat ng mga araw ng kaniyang buhay: upang siya'y mag aral na matakot sa PANGINOON niyang Dios, upang isagawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito at ng mga palatuntunang ito; 20 Upang ang kaniyang puso ay huwag magmataas sa kaniyang mga kapatid at siya'y huwag maligaw sa utos, maging sa kanan, o sa kaliwa: upang kaniyang maparami ang kaniyang mga araw sa kaniyang kaharian, niya, at ng kaniyang mga anak sa gitna ng Israel." (Deutronomio 17:18-20 KJV)*** Pagbabasa, pagninilay, pagsusulat ng Salita ng Dios at paglalaan ng panahon sa pag-aaral nito ay ilalantad ang mga katotohanan at mga sekreto, mga pangako, at mga biyaya na nakapaloob dito, sa mga naniniwala. Ang magpakumbabang paguugali ni Cristo na nasa atin pagkatapos natin magbasa lagi kada umaga ng Salita mg Diyos, ay magiging mga mahalagang nutrisyon sa espirituwal na makakapagbago sa atin, baguhin tayo at makaya nating tanggapin ng higit ang Kanyang biyaya at habag.

***4. Tinupad niya ang Salita ng Tipan: "At isinulat ng PANGINOON sa mga tapyas ang mga salita ng tipan, ang sangpung utos." (Exodu 34:28 KJV)*** Ang sumusunod ay ang Sampung Utos: ***"3 Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko. 4 Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan o ng kawangis man ng anomang anyong nasa itaas sa langit, o ng nasa ibaba sa lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa: 5 Huwag mong yuyukuran sila, o paglingkuran man sila; sapagka't akong PANGINOON mong Dios, ay Dios na mapanibughuin, na aking dinadalaw ang katampalasanan ng mga magulang sa mga anak, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salin ng lahi ng mga napopoot sa akin; 6 At pinagpapakitaan ko ng kaawaan ang libolibong umiibig sa akin at tumutupad ng aking mga utos. 7 Huwag mong babanggitin ang pangalan ng PANGINOON mong Dios sa walang kabuluhan; sapagka't hindi aariin ng PANGINOONG walang sala ang bumanggit ng kaniyang pangalan sa walang kabuluhan. 8 Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin. 9 Anim na araw na gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain. 10 Nguni't ang ikapitong araw ay sabbath sa PANGINOON mong Dios: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw, ni ang iyong anak na lalake ni babae, ni ang iyong aliping lalake ni babae, ni ang iyong baka, ni ang iyong tagaibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang daan: 11 Sapagka't sa anim na araw ay ginawa ng PANGINOON ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nangaroon, at nagpahinga sa ikapitong araw; na ano pa't pinagpala ng PANGINOON ang araw ng sabbath, at pinakabanal. 12 Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina: upang ang iyong mga araw ay tumagal sa ibabaw ng lupa na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Dios. 13 Huwag kang papatay. 14 Huwag kang mangangalunya. 15 Huwag kang magnanakaw. 16 Huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa. 17 Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapuwa, huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapuwa, ni ang kaniyang aliping lalake o babae, ni ang kaniyang baka, ni ang kaniyang asno, ni anomang bagay ng iyong kapuwa." (Exodo 20:3-17 KJV)*** Pagsunod sa halimbawa ni Moises ayon sa itinuturo sa atin ng Kasulatan; ang pagbabasa ng Bibliya, pagsusulat ng Kasulatan, pagdarasal, pag-aayuno, at pakikinig sa Kanyang tinig, ay magpapaalala sa atin tungkol sa ating tipan sa Dios at kung paano natin Kanyang kailangan paglilingkuran at lakarin ang lahat ng Kanyang mga daan, gawin ang buong kalooban ng Dios, at magbibigay-daan sa atin na matanggap ang mga sumusunod na biyaya:

***A. Kumpyansa, kasiguraduhan at kapayapaan: "29 At nangyari ng bumaba si Moises sa bundok ng Sinai, na dala ang tapyas na bato ng patotoo sa kamay niya, noong bumaba sa bundok ay hindi nalalaman ni Moises na ang balat ng kaniyang mukha ay nagliliwanag dahil sa pakikipagusap niya sa Dios." (Exodo 34:29 KJV)*** Ang pakikinig sa tinig ng Dios ay nagbibigay sa atin ng kasiguraduhan sa Kanyang mahalagang mga pangako na nakapaloob sa bibliya. Ang tinig ng Dios ay magbibigay sa atin ng kapayapaan, magaalis ng pagkabalisa at inaalok tayo ng kapahingahan. Tulad ng natagpuan ni Moises na siya ay bumababa sa kung saan nais ng Dios na pumunta siya, tayo sa parehong paraan ay may kapayapaan na magpatuloy sa direksyon patungo sa mga tao na ang Panginoon ay nais tayong upang pumunta.

***B. Pagtanggap ng Salita ng Dios at pagbibigay nito sa mga tao: "At nangyari, nang bumaba si Moises sa bundok ng Sinai, na dala ang tapyas na bato ng patotoo sa kamay niya, noong bumaba sa bundok ay hindi nalalaman ni Moises na ang balat ng kaniyang mukha ay nagliliwanag dahil sa pakikipagusap niya sa Dios." (Exodo 34:29 KJV)*** Dinadala ni Moses ang Salita ng Dios nang siya ay bumaba pagkatapos ng pakikipagusap sa Panginoon. Anong dakilang pagpapala ito na maari din nating dalhin ang Salita ng Dios sa naliligaw na mundo pagkatapos sa katauhan sa Kanyang presensya! ***"32 At pagkatapos, ang lahat ng mga anak ni Israel ay lumapit; at kaniyang ibinigay sa kanila sa pamamagitan ng utos ang lahat ng salita ng PANGINOON na sinalita sa kaniya sa bundok ng Sinai." (Exodo 34:32 KJV)***

***C. Pisikal na Kalakasan: "29 At nangyari ng bumaba si Moises sa bundok ng Sinai, na dala ang tapyas na bato ng patotoo sa kamay niya, noong bumaba sa bundok ay hindi nalalaman ni Moises na ang balat ng kaniyang mukha ay nagliliwanag dahil sa pakikipagusap niya sa Dios." (Exodo 34:29 KJV)*** Ang pakikipagkaisa sa Dios ay nagbibigay ng pisikal na kalakasan na kailangan natin upang pumunta at harapin ang mga taong nasa paligid natin sa katotohanan ng Dios. Si Moses ay walang masdyong alam sa kaliwanagan sa kanyang mukha pagkatapos ng pakikipagusap sa Dios, ngunit ang karamihan ng tao ay napansin ito.

***D. Kapangyarihan: "30 At nang makita ni Aaron at ng lahat ng mga anak ni Israel si Moises, narito, ang balat ng kaniyang mukha ay nagliliwanag; <u>at sila'y natakot na lumapit sa kaniya</u>." (Exodo 34:30 KJV)*** Ang mga tao'y natakot kay Moses matapos niyang makipagkita sa Dios. Sa parehong paraan, kung ating tataglayin ang Salita ng Dios at ang tinig ng Panginoon, sa gayon magkakaroon tayo ng kapangyarihan ng Dios sa lahat ng mga tao sa pamamagitan ng Salita ng Dios na ang Panginoon ang magbibigay sa atin upang mabagong anyo ang ating buhay.

***E. Pabor: "31 At tinawag sila ni Moises; at si Aaron at ang lahat ng puno sa Israel ay nagbalik sa kaniya: at si Moises ay nagsalita sa kanila." (Exodo 34:31 KJV)*** Nakinig ang mga tao nang tinawag sila at pumunta sa kanya. Kapag sumunod tayo sa Dios tulad ni Moses, makikita natin na ang mga tao ay makikinig sa atin at magkakaroon tayo ng pabor sa Diyos at sa mga taong nasa paligid natin.

Sinabi ni Jesus, ***“6 Datapuwa't ikaw, pagka ikaw ay mananalangin, pumasok ka sa iyong silid, at kung mailapat mo na ang iyong pinto, ay manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim, at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka” (Mateo 6:6 KJV)*** Hinaharap natin ang hamon ng buhay ng may pananalangin at pagsusumamo sa Dios. Hinaharap natin sila ng may pag-aayuno; sinabi ni Jesus, ***“17 Datapuwa't ikaw, sa pagaayuno mo, ay langisan mo ang iyong ulo, at hilamusan mo ang iyong mukha; 18 Upang huwag kang makita ng mga tao na ikaw ay nagaayuno, kundi ng Ama mo na nasa lihim: at ang Ama mo, na nakakikita sa lihim, ay gagantihin ka.” (Mateo 6:17-18 KJV)*** Itinagubilin ni Jesus na pahiran natin ng langis ang ating ulo upang hindi makita ng mga tao na tayo ay nag-aayuno.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Upang harapin ang pakikibaka ng buhay, kailangan natin ang Dios sa ating tabi. Ang Salita ng Dios ay nagsasabi sa atin ng sumusunod: ***“5 Sila'y nagsitingin sa kaniya, at nangaliwanagan: at ang kanilang mukha ay hindi malilito kailan man.” (Awit 34:5 KJV)*** Nais ng Dios na tayo'y bumalik sa Kanya, upang bumalik kay Jesus at sa Kanyang Salita na magbibigay liwanag, pag asa, at buhay, ***“16 Nguni't kailan ma't magbalik sa Panginoon, ay maaalis ang talukbong. 17 Ngayon ang Panginoon ay siyang Espiritu: at kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, doon ay may kalayaan. 18 Datapuwa't tayong lahat, na walang talukbong ang mukha na tumitinging gaya ng sa isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay nababago tayo sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, na gaya ng mula sa Panginoon na Espiritu.” (2 Corinto 3:16-18 KJV)*** Kapag may pagsisisi, may kalayaan mula sa kasalanan, kalayaan mula sa pagkaalipin at kalayaan mula sa mga limitasyon, mas maraming bunga ng gawain ng Banal na Espiritu sa ating buhay. Sa ganitong paraan mahaharap natin ang mga problema na may kasiguraduhan na ang Dios ay kasama natin. Samakatuwid, kailangan nating ipasailalim ang ating sarili na lumakad sa Kanyang mga paraan.

Ang mensaheng ito ay hindi lamang para sa mga kababaihan, kundi pati na rin para sa mga kalalakihan at para sa lahat, sapagkat maraming kalalakihan ngayon ang gumagamit ng pampaganda upang pagandahin ang kanilang sarili dahil sa pagmamalaki, na kanilang tinatabunan ang ilang mga nunal, acne at mga kunot sa pamamagitan ng paggamit ng pampaganda, ginto at alahas, o mamahaling relo, mga cellphone, kotse, atbp., upang maakit ang iba sa kanila. Ang mga kalalakihang iyon ay kailangan magsisi sa lahat ng ito, tulad ng itinuro namin sa mga kababaihan tungkol dito. Gayundin, maraming kalalakihan at kababaihan ang nagpapakumpuni sa pamamagitan ng plastic surgery at gumagastos ng malaki upang pagandahin ang kanilang sarili gaya ng mas buong labi, bilog na pisngi, tuwid na ilong, maayos na mga dimples na ilan lamang sa mga hitsura na kanilang hinahangad. Ito ay nagbigay-daan sa mga kumpanya ng seguro na nag-aalok ng mga plano sa pagbabayad para sa napakamahal na mga elective surgery at mga pamamaraan, upang ang iba ay kayanin na magpagawa ng ganitong mga pamamaraan. Ang ating mga kalalakihan at kababaihan, mga bata, kabataan at mga young adult ay hindi dapat malulong sa lahat ng ganitong korapsyon sa mundo. Dapat maging mulat ang Simbahan ng Dios sa lahat ng ganitong mga panlilinlang at katiwalian ng diyablo na nais ipasok sa simbahan tulad ng ipinakilala ni Jezebel ang pagsamba kay Baal sa Israel.

***Ang aking panalangin:*** Ama naming Dios ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita at aral na tinanggap ko sa mengsaheng ito.

Ating ipahayag ngayon ang ating mga kasalanan. Talikuran ang iyong kakulangan ng tiwala sa Dios, ang iyong takot sa tao at ang iyong pagtitiwala sa mga tao. Talikuran ang iyong pampaganda at pabango na ginagamit mo upang magkaroon ng prestihiyo at makaakit ng iba. Talikuran ang iyong kapalaluan, kayabangan at katigasan ng ulo. Itapat ang iyong kasalanan ng hindi pagbabasa ng Salita ng Dios at kakulangan sa dasal. Talikuran ang iyong makamundong pamumuhay at pagnanais na maging tanyag. Talikuran ang iyong maling pamamahala ng pera at pag-aaksaya nito sa pampaganda, pabango, aksesorya, cellphone at iba pang hindi kinakailangang bagay. Talikuran ang iyong mga imoralidad at mga relasyon sa labas ng kasal. Talikuran ang iyong hindi kagustuhang magpakumbaba at sumunod sa plano at kalooban ng Dios. Talikuran ang iyong masamang halimbawa sa iba at maling pamumuhay na iyong tinatahak. Talikuran ang iyong hindi kagustuhang maglingkod sa Dios, iyong hindi kagustuhang magdusa para sa Kanya at iyong hindi kagustuhang ipangaral ang Salita ng Dios. Panginoon patawarin mo ako. Ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan.

Panginoon ipinakumbaba ko ang aking sarili sa harap mo at sa harapan ng iyong Salita na aking napakinggan ngayon. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na umalis mula sa lahat ng kamunduhan ng make up, pagkukulay ng buhok, at mga pabango. Panginoon ipinangako ko aking sarili sa mga alintuntunin na aking natutunan mula sa mensaheng ito upang ilapat at turuan ang aking pamilya, ang aking asawang babae, at aking anak na babae, at ang iba at tulungan sila upang sumunod kay Cristo. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang magbasa ng Bibliya araw araw at pagnilayan ang iyong Salita, upang manalangin at nasa iyong paanan sa bawat umaga bago simulan ang aking araw. Panginoon ipinangako ang aking sarili upang mag-ayuno, hinggin sayo upang ibigay sa akin ang Salita na aking kailangan sa aking buhay, na ibabahagi ko din sa mga taong nasa paligid ko at nangangailangan nito. Panginoon patuloy mong tustusan ako at protektahan ako upang ako'y makapagpatuloy na maglingkod sayo sa pag abot ng bagong bayan at gawin silang bagong alagad para sayo.

Panginoon patuloy na pagpalain ang aming simbahan. Hipuin ang bawat isang kasapi upang umalis mula sa kamunduhan at simulang maintindihan kung paano anyayahan ang Banal na Espiritu sa kanilang buhay, upang ang kanilang mukha ay magningning sa iba na nasa paligid nila at sumalamin sa kanila ang kaluwalhatian ng Diyos upang sila'y bumalik sayo. Panginoon ipabasa mo sa kanila ang Bibliya ng higit at hayaan manalangin pa sila at upang makinig pa sa iyong tinig habang sila'y nasa iyong paanan. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at pakikipagkaisa ng Banal nq Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos

United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com